

Ito ay madalang lamang

## Ano ang "Koch's phenomenon" ?



Ang sugat na dulot ng tusok mula sa bakunang BCG ay karaniwang makikita 10 araw matapos ang bakuna. Ngunit bibihira, posibleng magkaroon ng kakaibang pagbabago sa sugat tulad ng ipinapakita sa larawan. Ito ay tinatawag na "**Koch's phenomenon**."



1  
接種後  
2日

**2 araw** matapos ang bakuna: Matinding pamamaga ay mapapansin sa loob ng 3 araw



2  
接種後  
5日

**5 araw:** Ang pamamaga ay unti-unting nawawala.



3  
接種後  
7日

**7 araw:** Ang sugat ay patuloy na naghihilom.



4  
接種後  
48日

**48 araw:** Ang sugat ay lubusan ng naghilom

**Anu-ano ang mga katangian ng "Koch's phenomenon"?** Matindi at lokal na reaksyon tulad ng pamamaga na maaaring may kasamang pagnanana ng sugat, ito ay karaniwang lumilitaw sa loob ng 3 araw matapos ang bakuna ngunit mabilis din itong nawawala.

### Ano ang dapat gawin kung ang iyong sanggol ay may "Koch's phenomenon"?

#### 1. Kumunsulta sa doktor na nagbakuna ng iyong sanggol sa loob ng 2 - 3 araw.

Kung ang pagbabago na ito ay mapapansin, posibleng ang iyong sanggol ay nahawahan ng TB nang hindi mo nalalaman. Kailangan mong alamin kung nahawahan nga ng TB ang iyong sanggol. Kung siya ay nabakunahan mula sa isang pang-masang programa o kung hindi mo makilala ang doktor na nagbigay ng bakuna, dapat kang kumunsulta sa health center ng lungsod o bayan. Hindi kailangang dalhin ang sanggol sa ospital o emergency room. Ang kasalukuyang panganib sa iyong sanggol na magkasakit ng TB ay masyadong maliit, kaya walang dapat ikabahala.

#### 2. Kung may makitang pamumutok ng nana sa sugat, hindi ito kailangang lagyan ng gasa o gamot.

Ito ay sariling naghihilom sa loob ng 2 hanggang 4 na lingo matapos ang bakuna at karaniwang nag-iiwan ng peklat, dulot ng tusok, paghilom. Ang local na pamamaga ay unti-unting nawawala sa loob ng 2 - 4 na linggo matapos ang bakuna.

Huwag mag-alala.

